REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City Philippines

PHILIPPINES 2000
Sama-Sama sa DECS

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

Abril 18 2000

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 191 s 2000

PAMBANSANG GAWAING-KAPULUNGAN SA FILIPINO

Sa mga Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan Kolehiyo at Unibersidad
Tagapamanihala/Administrador ng Paaralang Bokasyonal

1 Ang Pambansang Gawaing Kapulungan sa Filipino ay idaraos ng Kapisanan ng Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino sa Luzon (KPSWFL) sa Abril 26–28 2000 sa Mini Gymnasium ng Cagayan State University Tuguegarao City sa pakikipag ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino

2 Ang paksang diwa ng gawaing kapulungan ay Ang Pagbabalik-Tanaw sa Filipino – Ang Hinaharap ng Wika sa Bagong Milenyo kaugnay sa itinakda ng Artikulo XIV Seksyon 6 ng Saligang-Batas Kalakip nito ang palatuntunan ng mga gawain at mga inaasahang kahihinatnan sa naturang gawain

3 Pagkatapos ng gawaing kapulungan, ang mga dadalong kinatawan ay inaasahang

a mapayaman ang kaalaman tungkol sa pag-unlad ng Wikang Pambansa tungo sa bagong milenyo
b makilala ang mga bagong kalakaran at mga isyu sa paggamit ng Filipino sa bagong siglo at
c makabuo ng mga bagong kurikulum/silabus sa pagtuturo ng Filipino sa antas elementarya sekundarya at tersarya

4 Inaasahang dumalo sa pambansang-kapulungang ito ang mga panrehiyon/pansangay/pandibisyong superbisor/puno/tagapag-ugnay at iba pang disiplina tulad ng Agham Panlipunan Edukasyong Pagpapahalaga PEHM Humanidades Agham at Teknolohiya o alinmang asignatura na ang ginagamit na midyum sa pagtuturo ay Filipino mga guro/instruktor/propesor ng wika o sinumang hihiranging kinatawan sa mga paaralang elementarya/sekundarya/tersarya maging pribado man o pampubliko mga kasapi ng iba t ibang kapisanang pangwika at pang edukasyon

5 Ang mga dadalo ay magbabayad ng Dalawang Libo t Isang Daang Piso (P2 100 00) sa pagpapatala para sa mga gamit panggawain materyales honoraria sa mga tagapagsalita pagkain (6 na meryenda 3 pananghalian at 2 hapunan) bayarin sa pagsapi sa KPSWFL at akomodasyon para sa tatlong (3) araw mula sa umaga ng Abril 26 hanggang sa hapon ng Abril 28 2000 Maaring dumalo ang mga guro mula sa pampublikong paaralan sa opisyal na oras lamang Ang mga magmumula sa pribadong paaralan ay mangyaring makipag-ugnayan sa kanilang administrador

6 Lahat ng dadalo ay tatanggap ng sertipikong may kredit sa ilalim ng Professional Regulation Commission na pinagtibay noong Oktubre 11 1999 at may bisa hanggang Nobyembre 11 2002

7 Mangyaring magpadala ng reserbayon o tumawag sa tel blg (078) 844-0102 o fax no 844-4119 kay

Dr Teresita P Mercado
Central Administration
Cagayan State University
Cang Tuguegarao City 3500

8 Hinihiling ang maaga at malawakang pagpapalagap ng Memorandum na ito

Andrew Gonzalez
**ANDREW GONZALEZ, FSC**
Kalihim

Kalakip Gaya ng nasasaad

Sanggunian Wala

Pamumudmod 1—(D O 50 97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim ng mga sumusunod na paksa

- COMMUNICATION ARTS
- SEMINARS
- SOCIETY or ASSOCIATIONS

Kalakip sa Memo [illegible] 191 s 2000

CAGAYAN ESTATE UNIVERSITY
Caritan Tuguegarao City 3500

PAMBANSANG GAWAING KAPULUNGAN SA FILIPINO
PALATUNTUNAN NG MGA GAWAIN
Abril 26 28 2000

| ORAS | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW |
|---|---|---|---|
| 8 00 n u | *Rehistrasyon | *Paksa Ang Mass Media sa Pagbabagong Mukha ng Wika<br>Dr Mario Miclat<br><br>*Malayang Talakayan | *Lakbay Aral |
| 10 00 n u | | PAMATIDUHAW | |
| 10 15 n u | *Paksa Ang Wikang Pambansa, ang Batas ang Linggwista at Grammarian<br>Dr F Hornedo KWF<br><br>*Malayang Talakayan | *Paksa Ang Filipino sa Larangan ng Agham at Teknolohiya<br>Dr F Hornedo KWF<br><br>*Malakayang Talakayan | |
| 2 00 n n | | PANANGHALIAN | |
| 1 00 n h | *Paksa Ang Kultura at Pagkakakilanlan ng Pilipino sa Kalidad ng Edukasyon<br>Dr N Buenaobra, KWF | *Paksa Ang Filipino sa Binagong Kurikulum<br>Dr E Aban KWF | *Pangwakas na Palatuntunan<br><br>*Maligayang Paglalakbay |
| 3 00 n h | | PAMATIDUHAW | |
| 3 15 n h | *Paksa Filipino Bilang Wikang Panturo sa Pagtaas sa Kalidad ng Edukasyon<br>- Dr F Hornedo KWF<br><br>*Malayang Talakayan | Paksa Ang Wika sa Information Technology<br>Dr F Hornedo KWF<br><br>*Malayang Talakayan | |
| 6 00 - [illegible] | | HAPUNAN | |